Ayon kay Abe Hurayrah.Nagsabi siya:Nagpadala ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng Kabayo sa mga Najd,Dumating ito sakay ng isang lalaking nagmula sa Tribo ng Hanifah na ang tinatawag sa kanya ay Thumamah bin `Uthal,ang pinuno ng Tribo ng Al-Yamamah,itinali nila ito sa haligi mula sa mga haligi ng Masjid,Lumabas sa kanya ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya:((Ano ang nangyari sa iyo o Thumamah?))Nagsabi siya: Mayroon ako O Muhammad,Kabutihan,Kung papatay ka,papatay ka (sa taong) may kadugo,at kapag nakitungo ka ng maganda,nakitungo ka ng maganda sa taong mapagpasalamat,At kapag inibig mo ay kayamanan,humiling ka, ay mapagbibigyan ka sa anumang naisin mo,Iniwan siya ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-hanggang sa paglipas ng isang araw,Nagsabi siya: ((Ano ang nangyari sa iyo o Thumamah?Nagsabi siya: Tulad ng sinabi ko sa iyo, kapag nakitungo ka ng maganda,nakitungo ka ng maganda sa taong mapagpasalamat,at Kung papatay ka,papatay ka (sa taong) may kadugo,At kapag inibig mo ay kayamanan,humiling ka ay mapagbibigyan ka sa anumang naisin mo,Iniwan siya ng Sugo ni Allah-

pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-hanggang sa paglipas ng isang araw,Nagsabi siya: ((Ano ang nangyari sa iyo o Thumamah?Nagsabi siya: Walang mayroon sa akin maliban sa tulad ng sinabi ko sa iyo, kapag nakitungo ka ng maganda,nakitungo ka ng maganda sa taong mapagpasalamat,at Kung papatay ka,papatay ka (sa taong) may kadugo,At kapag inibig mo ay kayamanan,humiling ka at mapagbibigyan ka sa anumang naisin mo,Ang sabi ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Pakawalan niyo si Thumamah)),Humayo siya sa puno ng Palmera na malapit sa Masjid,at naligo siya,Pagkatapos ay pumasok siya sa Masjid at nagsabi siya: Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah,at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay alipin nito at Sugo nito; O Muhammad,Sumpa sa Allah,Wala sa ibabaw ng kalupaan,ang mukhang pinaka-mumunghi para sa akin maliban sa mukha mo,at tunay na ang pagmumukha mo ngayon ang pinaka-mamahal sa lahat ng mukha para sa akin,at walang ibang Reliyon ang pinakamumunghi para sa akin maliban sa iyong Relihiyon,at ngayon ay naging ang Relihiyon mo ang pinaka-mamahal sa lahat ng mga Relihiyon para sa akin,Sumpa kay Allah,Walang ibang Lugar ang pinaka-mumunghi para sa akin maliban saLugar mo,at ngayon naging ang Lugar mo,ang pinaka-

mamahal sa lahat ng Lugar para sa akin,at tunay na ang kabayo mo ay kumuha sa akin,at gusto kong magsagawa ng Umrah,ano sa tingin mo?Ibinalita sa kanya (ang magandang balita) ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ipinag-utos nito sa kanya na magsagawa ng Umrah,At nang dumating siya sa Meccah,nagsabi sa kanya ang tagapag-salita: Natulad ka ba sa kanya,Nagsabi siya:Hindi,Ngunit yumakap ako (sa Islam) kasama ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-At Hindi,! Sumpa kay Allah,Hindi darating sa inyo mula sa Yamamah ang kahit isang butil ng trigo hanggang sa ito`y ipahintulot ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan.Saheh Muslim

Ayon kay Abe Hurayrah.Nagsabi siya:Nagpadala ang Sugo ni Alla-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng Kabayo sa mga Najd,Dumating ito sakay ng isang lalaking nagmula sa Tribo ng Hanifah na ang tinatawag sa kanya ay Thumamah bin `Uthal,ang pinuno ng Tribo ng Al-Yamamah,itinali nila ito sa haligi mula sa mga haligi ng Masjid,Lumabas sa kanya ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya:((Ano ang nangyari sa iyo o Thumamah?))Nagsabi siya: Mayroon ako O Muhammad,Kabutihan,Kung papatay ka,papatay ka (sa taong) may kadugo,at kapag nakitungo ka ng maganda,nakitungo ka ng maganda sa taong mapagpasalamat,At kapag inibig mo ay kayamanan,humiling ka, ay mapagbibigyan ka sa anumang naisin mo,Iniwan siya ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-hanggang sa paglipas ng isang araw,Nagsabi siya: ((Ano ang nangyari sa iyo o Thumamah?Nagsabi siya: Tulad ng sinabi ko sa iyo, kapag nakitungo ka ng maganda,nakitungo ka ng maganda sa taong mapagpasalamat,at Kung papatay ka,papatay ka (sa taong) may kadugo,At kapag inibig mo ay kayamanan,humiling ka ay mapagbibigyan ka sa anumang naisin mo,Iniwan siya ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-hanggang sa paglipas ng isang araw,Nagsabi siya: ((Ano ang nangyari sa iyo o Thumamah?Nagsabi siya: Walang mayroon sa akin maliban sa tulad ng sinabi ko sa iyo, kapag nakitungo ka ng maganda,nakitungo ka ng maganda sa taong mapagpasalamat,at Kung papatay ka,papatay ka (sa taong) may kadugo,At kapag inibig mo ay kayamanan,humiling ka at mapagbibigyan ka sa anumang naisin mo,Ang sabi ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Pakawalan niyo si Thumamah)),Humayo siya sa puno ng Palmera na malapit sa Masjid,at naligo

siya,Pagkatapos ay pumasok siya sa Masjid at nagsabi siya: Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah,at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay alipin nito at Sugo nito; O Muhammad,Sumpa sa Allah,Wala sa ibabaw ng kalupaan,ang mukhang pinaka-mumunghi para sa akin maliban sa mukha mo,at tunay na ang pagmumukha mo ngayon ang pinaka-mamahal sa lahat ng mukha para sa akin,at walang ibang Reliyon ang pinakamumunghi para sa akin maliban sa iyong Relihiyon,at ngayon ay naging ang Relihiyon mo ang pinaka-mamahal sa lahat ng mga Relihiyon para sa akin,Sumpa kay Allah,Walang ibang Lugar, ang pinaka-mumunghi para sa akin maliban sa Lugar mo,at ngayon naging ang Lugar mo,ang pinaka-mamahal sa lahat ng Lugar para sa akin,at tunay na ang kabayo mo ay kumuha sa akin,at gusto kong magsagawa ng Umrah,ano sa tingin mo?Ibinalita sa kanya (ang magandang balita) ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ipinag-utos nito sa kanya na magsagawa ng Umrah,At nang dumating siya sa Meccah,nagsabi sa kanya ang tagapag-salita: Natulad ka ba sa kanya,Nagsabi siya:Hindi,Ngunit yumakap ako (sa Islam) kasama ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-At Hindi,! Sumpa kay Allah,Hindi darating sa inyo mula sa Yamamah ang kahit isang butil ng trigo hanggang sa ito`y ipahintulot ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang kahulugan ng Hadith:Na ang Propeta-pagpaain siya ni Allah at pangalagaan-Siya ay nagpdala ng mga nangangabayo sa Najd sa pamumuno ni Muhammad bin Musallamah sa ika-sampo ng Muharram,Taong ika- anim ng Hejrah,Upang makipaglaban sa mga buhay ng Tribo ng Bakr kung saan ay kabilang sa kanila ang Tribo ng Hanifah,Napabagsak nila sila at tinalo nila sila,at nabihag nila si Thumamah bin `Uthal,at dinala nila siya sa Madinah,at itinali nila ito sa haligi mula sa mga haligi ng Mashid ng Propeta,Nagsabi sa kanya ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:"Ano ang nasa iyo" ibig sabihin ay:Ano ang iniisip mong gagawin ko sa iyo?" Nagsabi siya:Mayroon akong kabutihan" ibig sabihin ay: wala akong iniisip sa iyo,at ako makikisalamuha sa iyo liban sa kabutihan,kahit na anong gawin mo sa akin,Sinabi ni Thumama : Kung ikaw ay papatay,papatay ka ng may kadugo" ibig sabihin:Kung papatayin mo ako mayroong mga taong magsasagawa ng paghihiganti sapagkat ako ay isang Pinuno ng Pamayanan,At sinasabi na ang ibig sabihin ay:Kapag pinatay mo ako ito ay makatarungan mula sa iyo,at hindi mo gagawin sa akin maliban kung ano ang nararapat sa akin;Dahil ako ay maghahangad ng dugo,kapag pinatay mo ako,pinatay mo ako sa batas ng Qisas (pagkakapantay-pantay sa kaparusahan) at hindi mo ako (gagawan ng bagay) na hindi makatarungan,magpakailanman. "at kapag kapag nakitungo ka ng maganda,nakitungo ka ng maganda sa taong mapagpasalamat" ibig sabihin: Kapag nag-magadang-loob ka sa akin,sa pamamagitan ng pagpapatawad sa akin,Ang pagpapatawad ay mula sa likas ng pagiging mapagbigay,at hindi makakalimutan ang kabutihan mo sa akin,sapagkat nagpakabuti ka sa taong mapagbigay na nagpapanatili ng kabutihan.at hindi-hindi makakalimutan ang kabutihan magpakailanman.At sa sinabi ni Thumamah-malugod si Allah sa kanya-" At kapag inibig mo ang kayamanan"ang kahulugan ay: Kapag inibig mo na palayain ang buhay ko kapalit ang kayamanan " Maghiling ka sa anumang naisin mo" at mapapa sa iyo ang anumang hilingin mo.At pagkatapos ng pag-uusap na ito,Walang ginawa ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-kundi ang" iwan ito hanggang sa dumating ang kinabukasan.Nagsabi siya sa kanya: Ano ang nasa iyo o Thumamah?Sinabi niya: Tulad ng sinabi ko sa iyo" ang kahulugan ay: Iniwan niya itong

nakatali sa haligi hanggang sa sumapit ang ikalawang araw,Inulit niya sa kanya ang unang tanong,at sinagot siya ni Thumama tulad ng sagot niya sa una,pagkatapos ay iniwan niya ito sa ikatlong araw,at inulit sa kanya ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang tanong,at sinagot siya ni Thumama ng parehong sagot,at nangsumapit na ang ikatlong araw,Nag-utos ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-nagsabi siya:"Pakawalan niyo si Thumamah" ibig sabihin ay: kalagan ninyo ang tali nito.at walang ginawa si Thumamah kundi ang "pumunta sa puno ng Palmera na malapit sa Masjid" ibig sabihin ay pumunta siya sa may tubig na malapit sa Masjid" Naligo siya,pagkatapos ay sinabi niyang:Ako ay Sumasaksi na walang ibang Diyos malaiban kay Allah" ibig sabihin ay; Ipinaalam niya ang pagyakap niya sa Islam at binigkas niya angDalawang Pagsasaksi,At ito ay salaysay ng Dalawang Katumpakan: Na si Thumamah ay naligo sa kagustuhan ng sarili niya at hindi sa pag-uutos ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan.Pagkatapos ay inilabas ni Thumama ang naramdaman niya sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-At sa Relihiyon nitong Hanif (Sumasamba sa Nag-iisang Diyos),at sa Lugar nitong Pinaka-mamahal,Al-Madinah An-Nabawiyyah,Nagsabi siya-malugod si Allah sa kanya-Wala ng mukha na pinaka-mumunghi para sa akin tulad ng (pagkamunghi ko) sa mukha mo,at ngayo`y naging, ang mukha mo, pagkatapos kong yumakap sa Islam, ang naging pinaka-mamahal sa lahat ng mukha para sa akin,Sapagkat nag-iba ang poot at pagka-munghi sa matinding pagmamhal na hindi napapantayan ng ibang pagmamahal."Walang ibang Reliyon ang pinakamumunghi para sa akin maliban sa iyong Relihiyon,at ngayon ay naging ang Relihiyon mo ang pinaka-mamahal sa lahat ng mga Relihiyon, para sa akin" At ganyan ang pagmamahal ng pananampalataya kapag naihalo sa masayahin nitong puso."Walang ibang Lugar, ang pinaka-mumunghi para sa akin maliban sa Lugar mo,at ngayon naging ang Lugar mo,ang pinaka-mamahal sa lahat ng Lugar para sa akin" Sapagkt ang pagmamahl ko sa iyo,ang siyang nagtulak sa akin na madagdagan angpagmamahal sa lugar mo,Pagkatapos ay sinabi niya:"Tunay na ang kabayo mo ang kumuha sa akin at gusto kong magsagawa ng Umrah,Ano sa tingin mo" ibig sabihin ay: Papayagan moba akong magsagawa ng Umrah? " Nagbigay siya ng magandang balita" na pinatawad ang lahat ng kasalanan niya,at sa mga kabutihan sa Mundo at sa kabilang buhay" At ipinag-0utos nito sa kanya na magsagawa ng Umrah,At nang dumating siya sa Meccah,nagsabi sa kanya ang tagapag-salita: Natulad kanaba sa kanya:"ibig sabihin ay: lumabas kanaba mula sa Relihiyon patungo sa ibang Relihiyon" Nagsabi siya: Hindi,Sumpa man kayAllah,Ngunit ako ay yumakap sa Islam kasama si Muhammad na Sugo ni Allah" Ibig sabihin ay: Nagunit iniwan ko ang lhat ng Relihiyong hindi makatotohanan at pumasok ako sa Tunay na Relihiyon." at Hindi,Sumpa kay Allah,Hindi darating sa inyo mula sa Yamamah kahit isang butil ng trigo hanggang sa ipagpahintulot ito ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa inyo,Pumunta siya sa Yamamah,at ito ay kabukiran ng Meccah,at Ipinagbawal sa kanila ang trigo hanggang sa naghirap ang mga Qurash,at sumulat sila sa Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-maki-usap sa mga kamag-anak nila na sumulat siya kay Thumamah,at ginawa niya ito,pagpalain siya ni Allah pangalagaan.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/10888